DSWD
Department of Social Welfare and Development

Pantawid Pamilyang
Pilipino Program



# PAG-ASA

# PAG-ASA

## PAMBUNGAD NA MENSAHE

Pangunahing layunin ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) ang tiyaking magkaroon ng pagkakataon makapasok sa paaralan at makapagtapos ng pag-aaral hanggang hayskul at kolehiyo ang mga kabataang benepisyaryo nito. Naniniwala ang Programa na ang edukasyon ay isa sa mga magsisilbing tulay tungo sa kanilang magandang kinabukasan.


Subalit hindi maikakaila na ilan pa rin sa kanila ang hindi regular na nakakapasok sa klase at may ibang tumitigil na sa pag-aaral dahil sa ilang mga kadahilanan gaya ng pagtatrabaho nang maaga upang makatulong sa pamilya, kakulangan ng pantustos sa araw-araw na gastusin, at iba pa. Kaya naman, patuloy ang Programa sa pagsusulong ng panawagan nito upang hikayatin ang mga kabataang bumalik sa pag-aaral. Katunayan, inilunsad noong 2019 ang Bata Balik Eskwela (BBE) na naglalayong bigyan ng nararapat na intervention ang mga kabataang nais bumalik sa kanilang pag-aaral at ipabatid ang kahalagahan ng edukasyon.

Inilathala ng 4Ps ang komiks na ito upang maitaas ang antas ng kaalaman ng mga kabataan ukol sa kanilang nararanasang mga isyu at bigyan sila ng inspirasyon at motibasyon na bumalik sa pag-aaral.


Inaasahan namin na ang komiks na ito ay magiging instrumento upang lalo pang paigtingin ang kampanya sa kahalagahan ng edukasyon at sa pagpapalawak ng oportunidad tungo sa ikatutupad ng mga pangarap ng mga bata at magulang na benepisyaryo ng Programa.


**Director Gemma B. Gabuya**

4Ps National Program Manager, DSWD




Ako si Buboy, at ang kuwentong ito ay tungkol sa pangarap, pagbabago, at pag-asa naming mga kabataang naghahangad ng pag-unlad. Kami ay kabataang benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program. Kuwento ito kung paano kami lumaban sa hamon ng kahirapan.


Buboy, anak, bilisan mo at nagsisimula na sila.
Opo, Inay nariyan na.
GRADE 12
Sinong mag-aakala na sa dinami-rami ng nangyari sa aming klase, ito kami ngayon at magsisipagtapos na ng hayskul sa araw na ito.
Naging masaya at makabuluhan ang nagdaang mga taon na kasama ko sila – ang Grade 12, Section Pag-asa.




Naalala ko, hindi naging madali para kay Ate Rebeka ang makapagtapos.


Nasa Grade 10 pa lang kami noon at nasa Grade 12 na siya. Kilala siyang aktibo sa sports.
Pero isang araw, nabalitaan na lang namin na ilang buwan na pala siyang hindi pumapasok.
Bakit kaya wala pa rin si Rebeka?
Narinig na lang namin mula sa mga kaklase niya na hindi na papasok sa school si Ate Rebeka.
Narinig n'yo na ba ang balita? Ito palang si Rebeka, kaya pala absent, e nabuntis na.
Naku, baka mag-drop na 'yan.


Pero makalipas ang ilang taon, nag-enroll ulit siya. Grade 12 na kami noon at sabi niya, gusto daw niyang tapusin ang kaniyang pag-aaral para sa kinabukasan ng kaniyang anak.
Napagtanto ni Ate Rebeka na kailangan niyang magsumikap para sa pangangailangan ng kaniyang anak.
Inay, wala na pong pang-gatas si Nene.
Magandang araw po Aling Mareng, baka po may ipapalaba po kayo diyan?
Aling Linda, kung pwede po sanang humingi ng tulong. Dinala ko lang po sa ospital si Nene at inaapoy ng lagnat. Wala po kaming pambayad.


Gusto kong maipagmalaki ako ng aking anak balang araw. Babalik ako sa pag-aaral at magtatapos ako para makahanap ng matinong trabaho at mabigyan siya ng magandang kinabukasan.




Si Kuya Alex naman ang pinakamatanda sa aming magkakaklase.




Hindi pa niya natatapos ang hayskul, nagtrabaho na agad siya. Bilang panganay, siya ang tumayo na ama sa kanilang apat na magkakapatid matapos pumanaw ng kaniyang ama.


Kung saan-saan siya nagtrabaho upang kumita ng pera at makatulong sa kanilang pamilya.
Isang araw habang nangangalakal, nakita niya ang isa niyang kaklase noon.
Tom! Kailan ka pa dumating?
Uy, Alex. Kahapon lang, kakarating ko lang galing Maynila.



Kumusta ang trabaho mo ngayon?
Okay naman. Ito, nakakapagpagawa na kami ng bahay kahit papaano.
Mabuti yan at nakakatulong ka na kay Aling Maria ngayon.
Oo nga. Ayaw mo ba ulit bumalik sa pag-aaral?
Hindi ko pa kaya sa ngayon. Nag-aaral din ang mga kapatid ko. Baka lalong mahirapan si Inay kapag tumigil ako sa trabaho.
Masipag kang mag-aral, Alex. Marami nga ang nagsasabi kung naipagpatuloy mo lang ang pag-aaral, baka isang magaling na Engineer ka na ngayon at marami ka pang oportunidad. Pag-isipan mong mabuti.


Habang naglilinis ng bote si Kuya Alex sa junkshop, napaisip siya sa sinabi ng kaniyang dating kaklase.
Bakit nga ba hindi ako bumalik sa pag-aaral? Hanggang dito na lang ba ang mga pangarap ko?
Nagsimulang mag-ipon ng pera si Kuya Alex para maka-balik sa pag-aaral. Tuwing kumikita siya, sinisiguro nya na mahahati niya iyon para sa kanilang pamilya at para rin sa kaniyang ipon.
SAVE
Hindi nagtagal ay nakabalik rin siya sa kaniyang eskwelahan at naging kaklase namin. Masipag at matalinong mag-aaral si Kuya Alex. Isa siya sa mga nangunguna sa aming klase.
Pagkatapos ng aming klase, daretso sya sa pagtatrabaho sa karinderya ni Aling Inday upang patuloy na makatulong sa kaniyang nanay.


Pagsisikapan ko ang makapagtapos ng pag-aaral dahil mas lalawak ang oportunidad kong makakuha ng magandang trabaho at nang sa gayon ay mas makatulong sa aking pamilya.


Ayan Buboy, ikaw na. Galingan mo!
Let us now listen to the address of gratitude to be delivered by Buboy Espiritu Dela Cruz.
Para sa mga minamahal naming guro, sa aming mga magulang, sa aking kapwa magsisipagtapos, at sa lahat ng naririto ngayon sa ating bulwagan, isang magandang araw po sa ating lahat.
Maraming pagsubok ang aming napagdaanan bago pa man kami mabigyan ng pagkakataon na makadalo sa isang espesyal na pagtitipon ngayong araw – ang pagtatapos ng aming hayskul.
Kagaya ng maraming mag-aaral sa eskwelahang ito, isa ako sa mga mag-aaral na nagsikap dahil gustong makapagtapos ng pag-aaral.


Maaaring nakita ninyo na ang pamilya namin noon. Isa ka siguro sa mga naging pasahero sa pinapasadang tricycle ng tatay ko.
O kaya naman, baka nakapagpatahi ka na ng uniporme mo sa aking inay.
Siguro ay bumili na kayo ng kakanin sa akin, sa nilalako naming magkakapatid sa palengke bago pumasok sa eskwelahan. Kaya palagi kaming nahuhuli sa klase.


Kung hindi siguro sa tulong ng gobyerno maaaring mas hirap ang pamilya namin ngayon. Malaki ang aming pasasalamat sa DSWD at sa 4Ps. Napakalaking tulong rin ng Youth Development Sessions ng 4Ps sa akin upang matutunan ko ang kahalagahan ng pag-aaral.
Pero kahit tinutulungan nila kami, patuloy ang pagsisikap ng aming pamilya. Nagpursige sa pagtatrabaho ang aming mga magulang at nag-aral kaming mabuti na magkakapatid.
25
- 3
Ginagawa namin ito dahil gusto naming matupad ang aming mga pangarap.


Mahirap man ang aming buhay, determinado akong makapagtapos ng pag-aaral. Nais kong tuparin ang pangarap ko para sa aking sarili at sa aking pamilya. Nais kong iangat ang buhay ng aming pamilya at alam kong mas matutupad ko iyon kapag ako'y nakatapos ng pag-aaral.


Edukasyon ang tutulong sa atin upang makaahon sa buhay. Edukasyon ang tutulong upang magkaroon tayo ng malawak na oportunidad. Ngunit kailangan natin itong pagsikapan. Kailangang buo ang ating kalooban na tuparin ang ating mithiin sa buhay.
Kaya naman, saludo ako sa mga kapwa kong magsisipagtapos sa araw na ito na kagaya ko ay nagsumikap para sa kanilang mahal sa buhay, para sa kanilang pamilya, para sa kanilang sarili, at para sa kanilang pangarap.
Iba't iba man ang istorya ng aming kahirapan, mananatiling puno ng pag-asa ang lahat sa amin. Kasama ang aking mga kaklase at mga kasabay na nagsipagtapos, hinahamon ko kayong patuloy na maging pag-asa ng ating pamilya at ng ating lipunan sa pag-ahon mula sa kahirapan.


Ito ay hindi lamang kuwento
naming mula sa Grade 12 – Pag-asa...


kundi ng bawat batang nagsusumikap para sa
katuparan ng kanilang mga pangarap.

**Pantawid Pamilyang Pilipino Program**
Department of Social Welfare and Development
IBP Road, Batasan Complex, Constitution Hill, Quezon City
(632) 952-6889 / 6929

Maagap at Mapagkalingang Serbisyo!
#BawatBuhayMahalagaSaDSWD

@DSWDPantawidPamilya
@PantawidPamilya
pantawid.dswd.gov.ph

Ang komiks na ito ay inilathala ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps) sa ilalim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) sa tulong ng World Bank at suporta ng Gobyerno ng Australia sa pamamagitan ng Department of Foreign Affairs and Trade.

THE WORLD BANK
IBRD • IDA | WORLD BANK GROUP

Australian Aid